



Pebrero 2022

# PRAYMER

## Halalan 2022: Ang paghahangad ng bagong ekonomiya

**G**umugulong na ang kampanyang elektoral para sa Halalan 2022. Umiingay na ang mga kandidato sa kanilang mga planong gawin para sa bayan. Pero hindi maitatangi na magiging napakalaking hamon para sa susunod na presidente at administrasyon ang pag-kumpuni ng iniwang krisis ng gobyernong Duterte. Hindi ito magiging madali.

Dinaranas ng mamamayan ang masahol na kalagayan. Masidhi ang krisis sa trabaho, kahirapan at gutom. Sukdulan ang pagkakait ng serbisyong panlipunan, at maski pa habang may pandemya. Sa kabilang banda, may iilan ang nakinabang at yumaman pa.

Sukdulan ang pagsisinungaling ng administrasyong Duterte. Ipinagmamalaki nito ang “maayos na pangangasiwa” sa ekonomiya. Ibinabandera ng *economic managers* ang paglago ng *gross domestic product* (GDP), pagbawi sa antas ng empleyo, pagtaas ng *credit rating*, mga ganansya ng programang imprastruktura, ang *Build, Build, Build* (BBB), at iba pang kabulastugan.

Pinupuri rin ng gobyernong Duterte ang sarili sa mahusay na pagtugon sa pandemya, laluna ang programang pagbabakuna. Higit na malala pa raw sana ang natamasa ng bansa kung hindi dahil sa mga “tamang” hakbang na ginawa ng pamahalaan.

114 Timog Avenue,  
Quezon City,  
1103 Philippines

Tels. +63 2 8927 7060 to 61  
Fax +63 2 8929 2496

[www.ibon.org](http://www.ibon.org)

Ang totoo, nasa pinakamalalang kalagayan ang Pilipinas sa kahit saang anggulo o paghahambing sisipatin. Dahil ito sa walang-habas na pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal at sa palpak na pagharap ng gobyernong Duterte sa COVID-19.

Sa kontekstong ito pumapasok ang Halalan 2022. Maaaring ipagpatuloy lamang ng mga kumakandidato sa pagka-presidente ang mga kasinungalingang ito para sa kanilang personal na kapakinabangan at para sa interes ng mga oligarkiya sa ekonomiya. Maaari ring magbukas sila sa seryosong pagharap sa malalim na krisis ng bansa at pagtalikod sa mga patakarang neoliberal. Anupaman, gaano man kareaksyonaryo at kaelitista ang katangian ng eleksyon sa Pilipinas, muli pa rin nitong binubuksan ang posibilidad na mapihit ang mga polisiya tungo sa interes ng mamamayan. Sentral ang papel ng organisadong mamamayan sa pagpihit ng usaping elektoral tungo rito.

# 1 Ano ang kalagayan ng ekonomiya na iiwan ng gobyernong Duterte?

**Papalala na ang kalagayan ng ekonomiya bago pa man tumama ang COVID-19.** Baligtad sa sabi ng economic managers na matatag ang *fundamentals* ng ekonomiya bago mag-2020, papabagal ang paglago ng GDP mula 2016. Bago pa ito bumulusok sa -9.6% noong 2020, nagsimula sa 7.1% ang tantos ng paglago ng GDP noong 2016, bumagal sa 6.9% noong 2017, at lalo pang bumagal sa 6.3% at 6.1% sa mga taong 2018 at 2019.

Kumupis na nang husto ang bahagi ng mga sektor ng agrikultura at manupaktura sa ekonomiya ng bansa. Sumadsad ang manupaktura sa pinakamaliit na bahagi sa GDP mula 1950, nang magrehistro ito ng 18.6% ng GDP nitong 2020. Bagama't tumaas ito sa 21% nitong 2021 matapos ang mahabang panahon ng *lockdown*, malayong-malayo pa rin ito sa 30% na bahagi na naabot ng manupaktura sa pagitan ng 1970 at 1980. Tuloy-tuloy rin ang pagliit ng bahagi ng agrikultura na nasa 9.2% ng ekonomiya lamang noong 2019 – pinakamakipot sa kasaysayan. Umangat ito sa 10.2% noong 2020 bago muling sumadsad sa 9.6% nitong 2021.

Idinulot nito ang hindi mawala-walang krisis sa trabaho. Pinakakarampot na trabaho ang nalikha ng administrasyong Duterte sa loob ng 35 taon o mula nang mapatalsik ang diktaduryang Marcos. Nasa 313,338 lamang ang taunang abereyds na netong bilang ng trabahong nalikha nitong 2017-2019, samantalang nasa 858,250 ito sa panahon ni Gloria Arroyo; 827,167 kay Benigno Aquino III; 810,042 kay Corazon Aquino; 489,208 kay Fidel Ramos; at 410,750 kay Joseph Estrada.

Limitado na nga ang trabaho, sukol pa ang kita. Sa National Capital Region (NCR), halimbawa, nagkaroon lamang ng dalawang *wage hike* sa ilalim ng administrasyong Duterte. Nasa 9.4% lamang ang itinaas ng minimum na sahod na Php537 – pinakamaliit sa mga *post-Marcos* na rehimen. Pero bumagsak ang tunay na halaga ng sahod sa NCR nang 9.7% mula Hulyo 2016 hanggang Disyembre 2021. Tanging si Duterte lang ang nakagawa nito.

Sa harap ng mga ito, mahirap paniwalaan ang ipinagmamalaki ng gobyerno na pagliit ng *poverty incidence* mula 2015 hanggang 2018 (23.5% tungong 16.7% ng populasyon, at 18% tungong 12.1% ng mga pamilya). Ang totoo,

artipisyal itong idinulot ng *conditional cash transfers* (CCTs) sa ilalim ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps na posibleng nakaalwan sa may 4.3 milyong sambahayan.

Pinaninindigan ng gobyerno ang *poverty threshold* na Php71 kada Pilipino gamit ang tinipid na basket ng pagkain at pangangailangan bilang pamantayan. Sapat na raw ang Php355 kada araw para disenteng mabuhay ang isang pamilyang may limang miyembro, kahit na aabot sa Php996.43 noong Disyembre 2018 ang *family living wage* (FLW) sa taya ng IBON. Sa mata ng gobyerno, hindi nga naman mahirap ang mahigit 11.3 milyong pamilya (47.7% ng 23.7 milyong pamilya) o 58.4 milyong Pilipino (55.2% ng 105.8 milyong populasyon) na nagkakasya sa Php21,914 kada buwan o Php146 kada tao kada araw.

***Sumahol ang kalagayan ng ekonomiya sa pagsapit ng pandemya. Naging pinakamalala ang pagguho nito.*** Kahit pa lampas sa target ng gobyerno para sa 2021 ang bagong-ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA) na 5.6% na paglago, galing pa rin ito sa papabagal na padron sa loob ng limang taon na tuluyang sumadsad sa -9.6% noong 2020.

Hindi nito binabago ang katunaya'y napakababang antas ng *economic output* (kabuuang halaga ng mga kalakal at serbisyong nalikha). Halimbawa, ang economic output sa buong taon ng 2021 (Php18.3 trilyon) ay kasing-baba ng economic output noong 2018. Ibig sabihin, mahigit tatlong taon ng produksyon ang nawala dahil sa mahahabang lockdown na walang *stimulus* sa mga manggagawa at maliliit na negosyo.

Nawala din ang Ilang taong economic output ng iba't ibang sektor ng ekonomiya. Sa tantsa ng IBON, pinakatinamaan ang mga sektor ng *transportation and storage* (6 taon), *mining* (10 taon), *accommodation and food services* (8 taon), at iba pang serbisyo (11 taon). Malayo rin ang babalikang antas ng produksyon ng *agriculture, forestry and fishing*, manupaktura, at edukasyon (tig-3 taon), *wholesale and retail trade* (2 taon), *professional and business services* at konstruksyon (tig-4 taon), at *real estate* (5 taon).

Kung ibabatay sa datos na mayroon, pinakatinamaan ang *net primary income from abroad* (20 taon) na kinabibilangan ng *remittances* ng mga *overseas Filipino workers* (OFWs).

Samantala, patuloy na lumago sa kabila ng mga lockdown ang sektor ng kalusugan (bagaman pansamantala itong bumagal sa unang tatlong kwarto ng 2020), gayundin ang *electricity, steam, water and waste management; financial and insurance activities; information and communications; at public administration*.

***Lumobo ang disempleyo at impormal na trabaho kontra sa iniulat na pagbangon ng empleyo.*** Mahigit 2.9 milyon ang dumagdag sa empleyo mula Enero 2020 hanggang Nobyembre 2021. Pero nagmula ang paglaking ito pangunahin sa impormal o diskarteng trabaho –1.5 milyong *self-employed*, 1.1 milyong *unpaid family workers* partikular yaong mga nagtrabaho nang walang bayad sa mga *family-operated farms and businesses*, at 270,000 kasambahay.

Kung tutuusin batay din sa Labor Force Survey (LFS) ng Nobyembre 2021, may 32.4 milyon ang nasa impormal na trabaho o masasabing dumidiskarte o pumaparaan sa harap ng laganap na kawalan ng oportunidad para sa disenteng trabaho. Binubuo ang impormal na trabaho ng 12.6 milyong *self-employed*, 4.9 milyong *unpaid family workers*, 2.1 milyong kasambahay, at 12.8 milyong nasa impormal na establisyemento. Katumbas ito ng 7 sa 10 ng kabuuang 45.5 milyong may trabaho.

Hindi rin mga *full-time* na trabaho ang nadagdag, kundi *part-time* na umabot sa 3.1 milyong empleyado; at habang 203,000 ang nadagdag sa mga *“with a job, not at work.”*

Ibig sabihin, lumaki man ang bilang ng may trabaho, ito pa rin yung panandalian o kontraktwal, mababa ang sahod, walang benepisyo at seguridad, at hindi mainam ang kondisyon sa paggawa.

Batay din sa LFS at sa pag-estima ng IBON, nasa 9.4 milyon ang walang trabaho. Kumbinasyon ito ng 3.2 milyong opisyal na bilang, 2.5 milyong tantsang hindi binibilang ng gobyerno (tulad ng mga tumigil sa paghahanap ng trabaho), at 3.7 milyong *unpaid family workers*.

Samantala, 457,000 o halos kalahating milyon ang nabawas sa *wage and salary workers* sa pribado. Nasa 389,000 din ang nabawas sa bilang ng mga nagtatrabaho nang *full-time*.

Malaking kabawasan din sa empleyo ang pagsasara ng may 138,843 establisimyento dulot ng mga lockdown noong 2020-2021. Nasa 565,446 empleyado ang apektado sa mga negosyong ito.

**Lumala ang kondisyon ng kahirapan.** Nasa rurok ang paghihirap ng mga Pilipino dulot ng pagguho ng ekonomiya noong 2020–nang nasa 12.9 milyon ang walang trabaho, halos 19 na milyong pamilya ang nalagasan ng kita sa ikatlong kwarto, at 15.5 milyong pamilya ang gutom.

Ayon sa National Economic and Development Authority (NEDA), dahil sa mga lockdown ay nadagdagan ng 700,000 ang bilang ng mahihirap na pamilyang Pilipino kaya't nasa 4.7 milyon na ito. Nadagdagan naman ng 3.9 milyon ang bilang ng mahihirap na indibidwal upang umakyat ito sa 26.1 milyon.

Pero nakabatay pa rin ito sa napakababang pamantayan ng kahirapan na Php79 kada tao kada araw nitong 2021. Malayo ito sa Php217.25 kada tao kada araw kung ibabatay sa *FLW* na Php1,086.24 para sa isang pamilyang may limang miyembro.

Kaugnay nito, tinataya ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na nadagdagan ng 3.4 milyon ang bilang ng mga pamilyang Pilipinong walang ipon sa huling kwarto ng 2021. Nasa 18.7 milyong pamilya na kung gayon o 70% ng lahat ng pamilyang Pilipino ang walang ipon sa naturang panahon.

Laganap ang kagutuman, at lalo pa sa pagsirit ng presyo ng pagkain at iba pang batayang kalakal at serbisyo. Ayon sa Food and Nutrition Research Institute (FNRI), nasa 62.1% o 15.5 milyong sambahayan ang nakaranas ng gutom noong 2020. Nito namang 2021, iniulat ng Social Weather Stations (SWS) na 10% ng populasyon ang nakaranas ng katamtaman (7.9%) at malalang (2.1%) kagutuman.

Nakagipit pa ang papabilis na *inflation* laluna simula 2019 pagkatapos ng pagsirit nito nang ipatupad ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) noong 2018. Umabot ang *inflation rate* sa 4.9% noong Agosto 2021, pinakamataas mula Disyembre 2018 (5.1%). Nanatili itong relatibong mataas sa 3.6% nitong Disyembre 2021.

Nagsitaasan ang presyo ng mga batayang pagkain, presyo ng mga produktong petrolyo, at singil sa kuryente at tubig. Hindi lamang naging pabaya ang administrasyong Duterte, bagkus pinatindi nito ang nakapipinsalang patakarang neoliberal. Tripleng hagupit ang kawalan ng trabaho, mababang sahod, at implasyon.

***Lalong naging manipis ang serbisyong panlipunan.*** Sa halip na palakasin ng gobyernong Duterte ang sistemang pangkalusugan para harapin ang pinakawalang-puknat na pandemya ng kasalukuyang panahon, umasa na lamang ito sa matagalang lockdown at paghihintay sa pagdating ng bakuna. Sa ngayon, mahigit kalahati pa lang ng populasyon ang nababakunahan, habang tuloy-tuloy naman ang pag-*mutate* ng *coronavirus*.

Ipinangangalandakan din ng pamahalaan ang pagkakaroon ng Universal Health Care na nakaasa lang din naman sa *insurance* sa pamamagitan ng batbat ng korapsyon na PhilHealth. Sa huli, binabalikat pa rin ng mga tao ang 44.7% ng bayarin sa kalusugan.

Nangapa rin ang pamahalaan kung paano aagapay ang sistema ng edukasyon sa pandemya. Nabawasan ng 789,442 ang pangkalahatang bilang ng mga nag-enrol. Ayon sa Department of Education (DepEd), nasa 928,928 ang ibinagsak ng *enrolment* sa mga pribadong paaralan mula 2019-2020 at 2020-2021, samantalang 139,486 lamang ang nadagdag sa enrolment ng mga pampublikong paaralan sa parehong panahon.

At habang pinagpipilitan ng gobyerno ang pananatili sa bahay sa panahon ng pandemya, nagpatuloy naman ang mga demolisyon ng mga bahay ng mga maralitang lungsod, ayon mismo sa Presidential Commission on the Urban Poor. Lumalaki ang *housing backlog* – tinatayang nasa 4.5 milyong pamilya ito ngayon na magiging 6.5 milyong pamilya pa sa 2030.

***Sa kabila ng pahirap sa mayorya, iiwan ni Duterte ang ekonomiya na lumalago ang yaman ng pinakamayayamang Pilipino at pinakamalalaking korporasyon.*** Tumaas nang 29% ang pinagsamang yaman ng 40 pinakamayayamang Pilipino, mula sa Php2.9 trilyon noong 2020 tungong Php3.8 trilyon nitong 2021.

Bago pa man ang pandemya, lumalago na ang yaman ng mga pinakamalalapit kay Duterte. Apat na beses ang iniyaman ni Manuel Villar (Php85.5 bilyon noong 2016 tungong Php330 bilyon nitong 2021). Dumoble ang yaman nina Enrique Razon at Ramon Ang mula Php166.2 tungong Php285.7 bilyon, at Php57 bilyon tungong Php113.9 bilyon. Trumiple naman ang kay Dennis Uy mula Php10.7 bilyon tungong Php35 bilyon sa parehong panahon.

***Kahit pa tinamaan ng pandemya ang halos bawat bansa sa buong mundo, lumilitaw na Pilipinas ang isa sa mga pinakanapilay ng mahahaba't paulit-ulit na lockdown.*** Sa buong Timog-Silangang Asya, pangalawa ang Pilipinas sa may pinakamabilis na paglago (5.6%) nitong 2021 sunod sa Singapore (7.2%). Pero Pilipinas din ang may pinakamalaking pagbagsak ng bahagi ng manupaktura sa GDP (-0.8%), pinakamalaking pagtaas sa disempleyo (5.3%) at pinakamataas na inflation sa buong rehiyon (4.5%). Parehong Pilipinas at Indonesia naman ang may pinakamataas na *unemployment rate* (6.5%). Pinakamalaki rin ang itinaas sa netong yaman ng 50 pinakamayayaman sa Pilipinas mula 2020 tungong 2021 (30.5%) kumpara sa Singapore (24.6%), Indonesia (21.8%), Thailand (21.2%), at Malaysia (13.9%).

Dahil din sa mga lockdown, nameligro ang pananalapi ng gobyerno sa pinakamalaking depisito na 7.6% ng GDP. Umabot rin sa napakalaking bahagi ng GDP ang utang sa 54.6% noong 2020.

liwan ng gobyernong Duterte ang ekonomiya na mas disbalansyado, anti-demokratiko, at walang katarungan. Ginamit pa nito ang pandemya para mas maitulak ang elitistang interes at samantalahin ang abang kalagayan ng mamamayan.

Sa kabila ng papuri ng gobyernong Duterte sa sarili na wastong napangasiwaan nito ang pandemya at ekonomiya, nagpatuloy ang impeksyon at pagkakasakit ng mga tao at ang pagbulusok ng trabaho at kabuhayan. Ang totoo, iiwan ng gobyernong Duterte ang ekonomiya sa pinakamasahol nitong kalagayan.



## 2 Bakit sinapit ng ekonomiya ang ganitong kalagayan?

*Ang militaristang lockdown, pagsalig lang sa pagbabakuna, at kapos na kapos na tugon ng gobyernong Duterte sa pandemya ay karugtong lang ng elitista at maka-dayuhang neoliberal na pagpapalakad nito sapul nang manungkulan.*

Nagmamadaling bumalik sa *business-as-usual* na moda ang economic managers upang mapanatili ang *creditworthiness* ng bansa, patuloy na makapangutang para sa imprastruktura, makaakit ng dayuhang pamumuhunan, at pasiglahin ang negosyo.

Kapalit nito, sukdulang tinipid ang mga agarang hakbang sa krisis pang-ekonomiya at pangkalusugan. Mula pagsapit ng *coronavirus* hanggang mapalitan ng *Omicron* ang *Delta* bilang dominanteng *variant*, tumanggi ang gobyernong Duterte na gastusan ang pagharap sa krisis ng pandemya, partikular ang pagpapalakas sa pampublikong sistemang pangkalusugan. Nasa 3.6 milyon na ang bilang ng nagka-COVID sa bansa at may 54,214 na ang nasawi ayon sa Department of Health (DOH) na naitala nitong Pebrero 5. Pangatlong *surge* na ang pagpalo ng *Omicron*, at sa taya ng pamahalaan ay rururok pa lamang ito sa Pebrero.

Sa kabila ng paulit-ulit na pagtaas ng bilang ng mga kaso (sabihin pang hindi ito ang buong larawan dahil sa problematiko ring datos), hindi inayos ng gobyernong Duterte ang *testing*. Sa mahabang panahon nanatili itong mas mababa sa 50,000. Hindi rin inilapit sa pandaigdigang pamantayan na 1:30 sa mga lungsod at 1:37 sa kanayunan ang *ratio* ng *contact tracing* kada impeksyon.

Hindi nagbuhos ng badyet para sa dagdag na mga laboratoryo at ospital at para sa karampatang *isolation* at pag-aalaga. Katunayan, kinaltasan pa ng badyet ang maraming pampublikong ospital nitong 2022. Natapos din ang 2021 nang hindi nakakamit ang binabaang target ng pagbabakuna na 50 milyon. Hindi rin pinalawak ang *health workforce*, sa kabila ng pangangalampag ng mga manggagawang pangkalusugan para sa dagdag na benepisyo at *manpower*.

Lansakang kinuripot ng gobyernong Duterte ang pagtugon sa COVID. Bahagya lamang ang inilaki ng pambansang badyet sa kabila ng dambuhalang pangangailangan. Nasa 11.3%, 9.9% at 11.5% lamang ang itinaas ng pambansang badyet noong 2020, 2021 at 2022, na pawang mababa pa sa 13.7% abereyds na inilaki nito mula 2016 hanggang 2020.

Sa ilalim ng pambansang badyet para sa 2022, tuluyan nang binura ang ayuda para sa milyon-milyong bulnerableng pamilya. Kakarampot na tulong lamang ang iniabot sa mga impormal na manggagawa, maliliit na negosyo, at mga prodyuser at magsasaka.

Sa kabilang banda, mas malaki ang ibinuhos ng gobyernong Duterte sa mga makaoligarkiyang proyekto katulad ng imprastruktura, kontra-insurhensiya, represyon, at *pork barrel*.

Umabot sa Php8.3 trilyon ang pangkalahatang pangungutang (*gross borrowings*) ng administrasyon mula 2017 hanggang sa unang 11 na buwan ng 2021, o halos limang beses ng inutang ng lahat ng gobyerno simula kay Corazon Aquino. Tinatayang lolobo pa ang utang ng gobyerno sa Php13.4 trilyon sa dulo ng 2022, o higit pang doble nang Php6 trilyong utang sa umpisa ng administrasyong Duterte noong 2016. Pero nasa Php570 bilyon pa lamang (Setyembre 2021) ang naiulat na nagastos para sa pagtugon sa COVID.

Kung ikukumpara pa nga sa ibang bansa, pumapangalawa sa Singapore ang Pilipinas sa Southeast Asia sa may pinakamaraming bagong kumpirmadong kaso kada tao, habang nahuhuli (pangwalo) sa bahagi ng populasyon na bakunado.

Isinantabi ng gobyerno ang mahaba nang panawagan ng mamamayan para palakasin ang sistemang pangkalusugan at tiyakin ang ayuda at suporta sa mga manggagawa at maliliit na prodyuser upang makatugon sa sitwasyon ng COVID at mapasigla ang lagpak na ekonomiya. Sa halip, patuloy itong nagbuhos ng pondo sa mga *neoliberal* na prayoridad nito bago pa man magpandemya na lantarang pinakinabangan ng mga burukrata kapitalista at komprador, habang inilulugmok ang mamamayan.

Agresibong pagtutulak pa rin ng BBB ang tugon ng gobyernong Duterte sa pagbagsak ng ekonomiya dahil sa lockdown. Ipinagmalaki ng economic

managers ang sinasabing *multiplier effect* ng BBB sa ekonomiya. Gayunpaman, kahit nasa Php1.1 trilyon o malaking tipak ng pambansang badyet ng 2021 ang napunta sa imprastruktura, 662,000 lamang ang nadagdag na trabaho sa konstruksyon mula 2017 (3.5 milyon) tungong Nobyembre 2021 na (4.2 milyon), na pawang panandalian lamang. Tumaasa pa sa Php1.2 trilyon ng pambansang badyet ang inilaan para sa BBB ngayong 2022.

Kalakhan ng pondo para sa BBB ay utang panlabas. Ang masaklap, mientras babayaran ito ng taumbayan sa matagal na panahon, ang mga *real estate developers*, mga korporasyong pang-imprastruktura at pang-transportasyon, malalaking negosyo, at mga dayuhang korporasyon at kapitalistang nakikinabang.

Wala ring kakayahan ang bansa na lumikha ng mga materyales para sa BBB, kaya nakaasa lang ito sa mga *imported*. Muli, kapakinabangan ito ng ibang bansang *suppliers* ng mga materyales na ito.

Papalabas ang pera sa BBB, at walang balik sa mamamayan. Pinapasan at papasanin ito ng taumbayan. Sa ilalim ng mga regresibong batas na TRAIN at ang ipinasa habang may pandemya, ang Corporate Recovery and Incentives for Enterprises (CREATE), babalikatin ng mamamayan ang mga bayarin ng gobyerno habang binabawasan ang obligasyon ng pinakamayayamang indibidwal at pinakamalalaking korporasyon.

Dinala rin ng gobyernong Duterte sa sukduhan ang patakarang importasyon noong ipinasa nito ang Rice Tariffication Law. Sa ngalan daw ng mas mababang presyo at sapat na suplay ng pagkain, inilagay nito sa panganib ang lokal na industriya ng bigas at ang kabuhayan ng milyon-milyong magsasaka ng palay. Bumagsak ang presyo ng palay, tumigil sa pagtatanim ang mahihirap na magsasaka, nagsara ang libo-libong *millers* laluna sa mga tinaguriang *rice granary* ng bansa. Umalma rin ang mga nasa sektor ng *livestock and poultry*, pangisdaan at asukal sa papalalang patakaran ng importasyon.

Imbes na palakasin ang agrikultura at sariling industriya, patuloy na umasa ang gobyernong Duterte sa mga eksternal na salik sa paglago ng ekonomiya: paghikayat ng dayuhang pamumuhunan, pandaigdigang kalakalan, at OFW remittances. Pero dahil sa pagbagal ng ekonomiya ng mundo, bumagal

din ang mga salik na ito, na nag-ambag sa pagbagal ng paglago ng GDP ng Pilipinas.

Malaking salik ang OFW remittances sa lokal na paggastos. Pero bumagal ang paglago nito sa abereyds na 3.9% taon-taon noong 2017-2019 mula sa 7.2% noong 2011 at 2014 at 14.2% noong 2005-2010. Lalo pa itong bumagal noong 2020 (-0.8%). Humina rin ang pasok ng *foreign direct investment* (FDI) o dayuhang pamumuhunan mula sa US\$10.3 bilyon noong 2017 tungong US\$6.6 bilyon noong 2020.

Iniaangkla sa paghikayat ng FDI ang pribatisasyon ng mga serbisyong panlipunan (edukasyon, kalusugan at pabahay) at mga pampublikong yutilidad (transportasyon, tubig, enerhiya, kuryente at *internet*). Ipinanghihikayat din sa FDI ang deregulasyon ng mga sektor tulad ng langis at kuryente, at ang liberalisasyon ng mga importanteng sektor tulad ng agrikultura at pagmimina.

Binuksan din ng gobyernong Duterte ang mga istrategikong sektor sa dayuhang partisipasyon o pag-aari tulad ng serbisyong tubig at sanitasyon at kuryente sa ilalim ng mga susog sa Public Services Act. Papalawakin pa ang dayuhang partisipasyon sa sektor ng pagtitingi sa papamagitan ng mga susog sa Retail Trade Liberalization Law, at maging mga propesyonal na trabaho sa ilalim ng Foreign Investments Negative List.

Kasabay nito, agresibong isinulong ng mga tauhan ng administrasyon ang kampanya para sa *Charter change* o Cha-cha, kabilang ang pagpayag ng 100% dayuhang pag-aari ng mga pasilidad pang-edukasyon, lupa, likas yaman, midya at *advertising*, at ilang mga negosyo.

Talo talaga ang lokal na ekonomiya sa pagturing sa FDI bilang dulong-layunin imbes na behikulo ng pag-unlad. Bilang dulong-layunin, malalaking lokal at dayuhang negosyo ang panalo sa mga insentiba at kita na idinulot ng FDI – hindi ang lokal na kapital sa *technology transfer*, hindi empleyo, at hindi rin ang lokal na pag-unlad.

### 3 Ano ang kinakaharap ng bansa pagkatapos ng eleksyong 2022?

Makipot ang tsansa ng pagbabago pagkatapos ng eleksyong 2022 kung ibabatay sa plataporma at rekord ng mga kandidato. Karamihan sa kanila ay naging opisyal ng pamahalaan nang maraming taon, pero bihira ang may solidong rekord ng pagtindig at pagsulong ng mga pundamental na pagbabago sa ekonomiya at pamamahala.

Pihadong mananaig muli ang adyendang neoliberal dahil sa kawalang tindig ng mga kandidato para sa mga batayang pagbabagong pabor sa mamamayan.

Gayunpaman, may ilang bintana pa rin ng oportunidad para sa reporma sa ilang mga kandidato, habang malinaw ding makipot ang tsansang ito sa ilan.

**Sukatan ng boto.** Pwedeng sukatin ang mga kandidato gamit ang matagal nang nailatag ng kilusang bayan na mga kinakailangang repormang pang-ekonomiya at panlipunan, na ipinakete ng IBON bilang People Economics.

Una, mahalagang talikuran ang mga neoliberal na patakarang maraming dekada nang bumabakbak sa ekonomiya ng Pilipinas. Hindi malulutas ang malawak na suliranin ng kawalang-trabaho at atrasadong ekonomiya ng kalat-kalat at mababaw na hakbang para ibsan ang kahirapan.

Kailangang palakasin ang lokal na agrikultura at industriya. Imbes na unahin ang tubo at di-sustenableng paglago, pwedeng gamitin ang mga patakaran sa pananalapi, kalakalan at pamumuhunan para sa isang plano ng industriyalisasyon, kabilang ang pagpapalakas ng lokal na agrikultura. Kailangang mapaunlad ang mga prodyuser sa kanayunan at mga pambansang negosyo. Lumikha ng yaman lampas sa mga sektor na nakadepende sa serbisyo, *labor export*, at dayuhang pamumuhunan.

Kailangan ding makatarungang ipamahagi ang rekursong bayan para ihatid ang panlipunang serbisyo at iba pang batayang pangangailangan. Marapat na iangkla ang mga hakbang na ito sa sustenableng pangangalaga sa kalikasan. Makalilikom ng salapi para sa lahat ng kailangang gawin sa pamamagitan ng

mas progresibong sistema ng pagbubuwis, kasama ang pagbawas sa *value added tax* at mga *excise tax* sa mga batayang konsumo. Pwede ring buwisan ang pinakamayayamang Pilipino at pinakamalalaking korporasyon.

Kailangan ding tiyakin ang demokratikong pamamalakad. Para isulong ang pag-unlad at modernisasyon, kailangan ang tuloy-tuloy na pagbubuo ng pinakamalawak na panlipunang konsensus. Napakahalaga rito ng kabukasan sa dayalogo at pagbubuo ng pagkakaisa sa hanay ng iba't ibang grupo at indibidwal na may magkakaibang opinyon at tunguhin para gawin ang mga hakbang sa pag-unlad.

**Mga programa't plataporma.** Dalawa lang sa mga kandidato – sina Leody de Guzman at Leni Robredo – ang naglabas ng mabusising plataporma nila para sa ekonomiya. Samantala, may *10-point agenda* si Isko Moreno, pahayag si Ping Lacson, at panayam kay Manny Pacquiao na naglista ng ilang prayoridad. Wala namang solidong plataporma si Bongbong Marcos. Masasabing palatandaan ang paglalagat ng kandidato ng komprehensibong plataporma ng kanyang kagustuhang ibatay ng botante ang kaniyang boto sa tindig nila sa isyu at hindi sa mababaw, pahapyaw, o popular na pagkakilala lamang.

Nagsabi ang lahat ng kandidato na mahalaga ang paglikha ng trabaho at pagbawas sa kahirapan. May kani-kaniyang pahayag din sila tungkol sa pagtugon sa pandemya, pangangalaga sa kalusugan, MSMEs, agrikultura at seguridad sa pagkain, at imprastruktura. Tulak marahil ito ng napakalaking usapin sa publiko ngayon ukol sa pagbuhay ng ekonomiya at pagpapalakas sa sistemang pangkalusugan.

Labas sa nabanggit, kalat-kalat na ang tindig ng mga kandidato sa iba pang mahahalagang usaping pang-ekonomiya, pero hindi nalalayo sa neoliberal na balangkas ang mga ito, maliban sa kontra-neoliberal na plataporma ng unyonistang si Leody de Guzman.

Dapat din pansinin na ang linyada ng mga kandidato ng mga partidong tumatakbo ay hindi batay sa pinagkakaisahang plataporma kundi batay sa interes nilang makabahagi sa rekurso para mahalal sa Mayo.

Krusyal din ngayon ang tindig kaugnay ng diktaduryang Marcos sa pagsusuri sa mga kandidato. Si Marcos Jr. ay anak ng diktador, si Ping Lacson ay pulis sa panahon ng Batas Militar, at humahanga naman si Isko Dumagoso

kay Marcos Sr. Tutol sa diktaduryang Marcos si Leni Robredo, bahagi ng kontra-diktaduryang pakikibaka si Leody De Guzman, at pinupuna ni Manny Pacquiao ang mga abuso ng Batas Militar at gustong mabawi ang natitira pang *ill-gotten wealth* ng mga Marcos.

Si Marcos Jr. ay galing sa dinastiya ng diktadurya at pinopondahan ng korapsyon. Alam ng nakararami ang pagpondo nila sa malawakan at sistematikong *digital* na disimpormasyon at populistang propaganda sa publiko. Isa siya sa pinakamatatagal na naging pampublikong opisyal, pero kalakhan ng rekord niya maski sa pagbabatas ay lokal o makipot ang saklaw at hindi signipikante para sa ekonomiya. May mga pangkalahatang pahayag siya tungkol sa modernisasyon ng agrikultura, seguridad sa pagkain, murang kuryente, *renewable energy*, pagprotekta ng kalikasan, at pagsuporta sa MSMEs, pero wala siyang iisang nakalatag na plataporma para sa ekonomiya.

May 10-point agenda si Isko Domagoso na sumasaklaw sa pabahay, edukasyon, trabaho, kalusugan, turismo, imprastruktura, *digital transformation* at *Industry 4.0*, agrikultura, mabuti at matalinong paggogobyerno, pero walang pagpapaliwanag ito. Nagkaroon siya ng 24 taon sa serbisyo publiko na mas konsentrado sa Maynila, pero sinasabi niyang kayang ireplika sa buong bansa ang mga nagawa niya para sa lungsod. Nangako siyang itataas ang badyet sa agrikultura, mamumuhunan sa rural na imprastruktura, at kokontrolin ang importasyon ng bigas at pagpapalit-gamit ng lupa. Pero para siya sa BBB at Cha-cha partikular sa 100% na pag-aari ng dayuhan sa mga negosyo.

Halos 50 taon na si Ping Lacson sa serbisyo publiko bilang pulis (3 dekada) at senador (18 taon), pero wala siyang signipikanteng itinulak para sa repormang pang-ekonomiya. May inilahad na “Economic Roadmap” sa isang talumpati tungkol sa pagpapalakas ng pundasyong pang-ekonomiyang angkop sa mga negosyo, puhunan, at trabahong ipamamahagi sa buong bansa. Madiin sa laban sa korapsyon at dito isinisisi ang mga problema ng bansa sa ekonomiya. Maboka din siya tungkol sa *budget reform*, pagpataas ng alokasyon sa *local government units* (LGUs), *safety nets* at tulong para sa mga magsasaka at MSMEs, at imprastruktura para sa transportasyon at kalusugan.

Mahigit 12 taon namang naging mambabatas si Manny Pacquiao na may “22 Rounds Agenda.” Kabilang sa lista na walang paliwanag ang paglaban sa korapsyon na lumilitaw bilang isa sa mga pangunahin niyang isyu,

pagpapaunlad ng ekonomiya, agrikultura, imprastruktura, trabaho at kabuhayan, mga panlipunang serbisyo, *salary standardization*, paglaban sa droga, sports, pagpapalakas ng mga pandaigdigang kasunduan, turismo, pampublikong yutilidad, pagdepensa sa karapatan sa teritoryo, pagpapababa ng buwis sa indibidwal at korporasyon, *renewable energy*, at pag-*empower* sa kabataan. Kilala siyang may simpatiya at handang sumuporta sa laban ng mahihirap para sa panlipunang serbisyo; sa manggagawa para sa dagdag na sahod at pagwakas sa kontraktwalisasyon; at sa mga magsasasaka laban sa Rice Tariffication Law.

Pinakamaikli (9 taon) ang rekord ni Leni Robredo sa gobyerno, at siya ay dating propesor ng ekonomiks, naging bahagi ng Public Attorney's Office at isang *non-government organization* o NGO na nagbibigay ng serbisyong ligal para sa mga magsasaka at manggagawa. Pero mayroon siyang detalyadong plataporma na "Kalayaan sa COVID" laban sa sakit, gutom at kakulangan sa edukasyon, at "Hanapbuhay para sa lahat" para sa tiwala sa gobyerno, pagpapalakas ng industriya, pagtapos sa diskriminasyon sa trabaho, pagsuporta sa maliliit na negosyo, at *safety nets*. Resulta ito ng pakikipagkonsulta sa mga organisasyon at *network* sa *civil society* at negosyo.

Pinakamalinaw ang mga hakbang niya sa paglutas ng pandemya, pagpapalawak ng serbisyong pangkalusugan, pagharap sa bumabagsak na kita at kabuhayan dulot ng mga lockdown, at malaking stimulus para sa mga MSME, na posibleng hugot sa mga kasalukuyang programa ng Office of the Vice President. Klaro ang plano na idebelop ang sustenableng agrikultura sa pamamagitan ng pagdoble ng badyet para rito, pero walang katumbas na partikularidad para sa Manufacturing Resurgence Program at may posibilidad na paghikayat pa rin sa FDI ang layon, kung saan mas mga dayuhan ang makikinabang. Positibo ang mga nasusukat na komitment sa kalusugan, edukasyon, *public employment*, at *unemployment insurance*, pero pabor siya sa pribatisasyon ng sistemang pangkalusugan. Mahalaga ang pagbibigay-diin ni Robredo sa karapatang pantao, mabuting paggogobyerno, at intensyong himukin ang malawak na partisipasyon ng mamamayan sa paglikha ng polisiya.

Hindi nagtrabaho sa gobyerno si Leody de Guzman pero siya ang may pinakamahabang rekord ng adbokasiya para sa mga isyung panlipunan at pang-ekonomiya mula pa 1984. Pinaka-progresibo sa lahat ng kumakandidato ang malawak na platapormang pang-ekonomiya niya na "Bagong Pulitika, Bagong Ekonomiya" na inilarawang demokratikong sosyalistang elektoral



na plataporma, hugot marahil sa mga adbokasiya ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP) na pinamumunuan niya. Ito lang ang pumupuna sa oryentasyon ng patakarang pang-ekonomiyang para sa tubo at eksport sa kapinsalaan ng produksyon ng mga pangangailangan ng bansa at ng demokratikong kontrol ng mga manggagawa at magsasaka sa ekonomiya. May pagkilala sa papel ng Estado sa pagpapatakbo ng ekonomiya at sa partisipasyon ng mga komite ng mga unyon at manggagawa. Siya ang pinakamakapagsusulong ng progresibong patakarang.

***Tanaw sa mga posibleng pagbabago sa 2022.*** Magaganap ang Halalan 2022 sa kasagsagan ng krisis sa pandemya at ekonomiya. May mga kagyat na usaping kailangang harapin at bagaman maaaring hindi estratehiko, makatutulong ang mga hakbang para makinabang ang mamamayan.

Sa pinakakagyat, sakaling muling kumupis ang mga kaso ng COVID, dapat bigyang-pansin ang sistemang pangkalusugan at ang mga manggagawang pangkalusugan. Lahat ng kandidato ay nangakong pahuhusayin ang sahod, benepisyo at suporta para sa *frontliners* at ayusin ang tugon sa pandemya.

Sa usapin ng panlipunang serbisyo, tumataya ang lahat ng kandidato na dapat magkaroon ng reporma sa sistemang pangkalusugan at edukasyon bagaman magkakaiba ang pananaw kung gobyerno ang pangunahing responsable rito. Dalawang kandidato lang ang nagbanggit ng sosyalisado o libreng pabahay.

Sa usapin ng *social protection* at pamamahagi ng kita, kalahati sa mga kandidato ang nagbanggit ng *cash assistance* sa anyo ng *emergency subsidy*, unemployment insurance o di kaya'y substansyal na umento.

Sa usapin ng suporta para sa MSMEs, lahat ng kandidato ay para sa pagbibigay ng tulong piskal, pinansyal at teknikal pero hindi malinaw kung para ba sa tradisyonal na oryentasyong pang-serbisyo o kung para sa manupaktura, teknolohiya at iba pang nagsusulong ng industriyalisasyon.

Sa usapin ng suporta sa agrikultura, pangingsda o seguridad sa pagkain, para rito ang lahat ng kandidato. Pero kahit bukambibig ito lagi ng mga tumatakbo sa eleksyon, hindi naman ito napagtuunan ng mga nagdaang administrasyon.

Sa usapin ng pambansang industriyalisasyon, wala sa mga kandidato ang nagtalakay nito. Wala ring nagsabi na kailangang *i-regulate* ang FDI, samantalang sang-ayon ang karamihan sa 100% dayuhang pag-aari ng mga empresa.

Sa usapin ng kalikasan, lahat ay para rito, at maugong sa mga kandidato ang renewable energy. Pero kailangang bantayan kung nasa neoliberal na balangkas pa rin ang pagsulong nito.

Sa usapin ng pagpopondo sa kaunlaran, para rin sa pagpondo ng imprastruktura ang mga kandidato, bagaman nag-iiba ang tindig kung ipagpapatuloy ba ang BBB ni Duterte o ibabaling ito sa maka-kalikasang transportasyon, serbisyong panlipunan, at pagpapaunlad ng kanayunan.

Samantala, ilan lang ang nagbanggit ng reporma sa buwis: dalawa sa pagtigil o pagbawas ng buwis sa langis at kuryente, isa sa pagpapababa ng buwis sa indibidwal at korporasyon, at isa tungkol sa pagbubuwis sa kayamanan. Hindi rin masyadong natalakay ang pambansang utang maliban sa isa na nagmumungkahi ng kanselasyon nito.

***Paggiit ng demokratikong espasyo.*** Dahil nakabalangkas pa rin sa neoliberalismo ang karamihan sa mga plataporma, nakikitang hindi mayayanig ang pananaig ng interes ng mga oligarkiya o naghaharing uri sa patakarang pang-ekonomiya. Magkaroon man ng pagbabago sa mga prangkisa, kontrata at iba pa, depende sa mahahalal na pangulo, ay hindi magkakaroon ng malaking pagbabago sa hugis ng ekonomiya na gumagana para sa iilan.

Mananatiling lugmok ang ekonomiya, titindi pa ang disempleyo at lolobo pa ang bilang ng mga dumidiskarte ng hanapbuhay, lalo pang mapapako ang kita, at bubunuin pa rin ng maliliit na negosyo ang muling makapagbukas o makapagpatuloy ng operasyon. Lubhang walang katiyakan ang hinaharap ng pandemya gayong patuloy ang pagkalat ng COVID at nagmu-*mutate* pa nga habang nagkandarapang humabol ang pagbabakuna sa antas-daigdig. Gumagapang din ang pandaigdigang ekonomiya.

Sa paggigiit pa rin ng mamamayan nakasalalay ang *momentum* ng reporma pati ang paglalata ng estratehikong pagbabago. Kung tutuusin, sa minimum ay obligado ang mga plataporma ng mga kandidato na isalamin ang mga isyu sa karapatan at kabuhayan dahil walang puknat itong ikinakampanya't itinataguyod

ng iba't ibang sektor at organisasyon. Patuloy rin ang pag-usbong ng iba't ibang malalapad na pormasyon para igiit ang demokrasya at hindi magpabusal sa gobyernong Duterte. Pero maaaring tumindi pa ang represyon at ang tangkang pagpapatahimik sa mamamayan, kung ang mahahalal ay sarado sa mga hindi nito kapananaw.

Samantala, patuloy ang pagpapanagot sa administrasyong Duterte sa walang-kapantay nitong rekord sa paglabag sa karapatang pantao. Ayon sa Karapatan, Hulyo 2016-Disyembre 2021 ay naitala ang 427 biktima ng *extrajudicial killings* (EJK), dagdag sa mahigit 30,000 sa ngalan ng gera kontra droga. Ang 216 dito ay mga tagapagtanggol ng karapatan samantalang 63 ay kababaihan, at pinakamarami ay mga magsasaka (332). May naitalang 19 *desaparecido*. Nasa 3,968 ang biktima ng iligal na pag-aresto. May 6,912 biktima ng demolisyon; 580,258 ng pagbabanta/*harassment* at intimidasyon; 470,747 ng pwersahang pagpapalayas; at 376,809 ng pambobomba. Biktima ng pamamaril ang 11,635. Nasa 47,502 ang biktima ng paggamit ng mga pampublikong espasyo para sa layuning militar. Sa ilalim ng administrasyong Duterte, 480 detenidong politikal ang ikinulong batay sa gawa-gawang kaso, dagdag sa dati nang 220.

Habang nakaamba ang mga internasyonal na proseso sa paglilitis kay Duterte para sa mga krimen laban sa mamamayan, bahagi ng pagpapanagot at *pushback* ng taumbayan ang dumaraming naibabasurang kaso laban sa mga aktibista; ang pagsampa ng kontra-kaso sa mga salaring militar at pulis; ang paninindigan ng mga petisyoner laban sa Anti-Terrorism Law; at ang lumalapad na hanay ng mga tanggol-karapatan na matapang na tumitindig laban sa paglabag sa mga karapatang pantao at panunumbalik ng mga Marcos at Duterte sa kapangyarihan.

Importanteng mabigyang-diin ang mas malaking potensyal na maitulak ang pagpapanagot sa mga may krimen sa sambayanan at ang pagbabagong panlipunan sa ilalim ng isang lideratong tutulong sa mamamayan na kalagin ang sumisikip na espasyo ng demokrasya. Sa lahat ng mga kandidato, may simulain na rito si Robredo at sinabi niyang ito ang nakikita niyang pamamaraan para magsulong ng mga solusyon.

***Pagsusumikap para sa malayang Pilipinas.*** Kung titingnan din ang plataporma ng mga kandidato, masasabing malayo pa bago makamit ng Pilipinas ang soberanya at kasarinlan. Nakakintal sa bawat mahalagang

pagbabagong hinahanap natin ang dikta ng dayuhan na nasusulat sa mga kondisyon ng pautang ng mga pandaigdigang institusyon tulad ng IMF, World Bank at ADB, mga tratado tulad ng gustong pasukin ng Pilipinas na Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) at itong Arangkada Philippines na pinasisimunuan ng US Agency for International Development (USAID).

Kabilang dito ang pagpapababa ng subsidyo sa agrikultura, liberalisasyon ng importasyon ng bigas at ibang pagkain, at pagpasok ng mga mapangwasak na agrokemikal na produkto ng malalaking korporasyon. Nariyan ang pamamayani ng mga dayuhang korporasyon sa sektor ng manupaktura at pananatiling bansot ng mga lokal na industriya. Maka-dayuhan ang mga patakarang mapangwasak sa kalikasan tulad ng batas sa pagmimina at imprastruktura. Itinutulak ang 100% na pag-aari ng mga dayuhan sa mga pampubliko at panlipunang serbisyo. Suportado ng mga dayuhang institusyong pang-negosyo ang pagpapabalikat ng dagdag na buwis sa ordinaryong Pilipino at pagbawas ng buwis sa malalaking korporasyon. Malaki ang papel ng US sa pagbubuo ng Anti-Terrorism Law at pagsasanay ng mga Pilipinong magtataguyod nito.

Maliban kay Leody de Guzman, sang-ayon sa pangkalahatang imperyalistang disenyo ng ekonomiya at politika ang mga kandidato sa pagkapangulo. Indikasyon ang pagsang-ayon ng karamihan sa 100% dayuhang pag-aari, pagpayag sa *oil and gas exploration* ng China, at sa pananatili ng Visiting Forces Agreement. At hindi man ito tahasang binibigkas, indikasyon ito ng kawalan ng mga pundamental na programa para sa pagpapanday ng pambansang agrikultura at industriyalisasyon na nakatahi sa iba pang repormang pangkalikasan, pananalapi, pang-serbisyo at patakarang panlabas. Nangangahulugan ang mga ito ng pangangailangang kumalas sa nakagawiang ekonomiya at paggogobyerno sa ilalim ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Kaya't tungong Mayo 2022 at pagkalipas nito, hamon sa kilusang pagbabago na hindi matinag sa hindi pa tapos na laban. Lampas sa pakikihamok sa panahon ng reaksyonaryong eleksyon, mananatiling isa sa mga susi para pangmatagalang puksain ang kahirapan, kawalang-pagkakapantay-pantay at kawalang-pag-unlad ang pagbubuo at pagpapatibay ng mga pagkakaisa at kolektibong determinasyon at aksyon ng pinakamalawak na hanay ng mamamayan sa bawat sulok ng bansa.###